



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG PAGDADASAL(SALAH) SA TAMA NITONG ORAS

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh, Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem.
Bismillahir Rahmanir Raheem,*

*Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang Allah Azza wa Jalla ay nagbigay ng biyaya sa Muslim at sa buong sangkatauhan ngunit ito ay di nakikita ng karamihan. Pasalamatang mo ang Allah na tayo ay Muslim at sa kanyang mga biyaya. Isa sa mga biyaya ay ang Salah. Marami itong kabutihan nab maibibigay sa atin para sa ating ikabubuti. Ngunit walang nakakaalam ng kanyang halaga dahil karamihan ng tao ay nahihirapan dito. Iniiwan nila ang Salah at kinabukasan sa gabay ng Allah ay babawi sila.

Katunayan na may iba't ibang Salah, indibidwal at pang-grupo. May pagtawag sa Salah din. May Sunnat, Tasbihat at Fard. Meron ding Salah ng mga tamad at mga di nakapagSalah. Mahalaga ang pagdasal sa tamang oras dahil marami itong biyaya.

Tignan natin halimbawa na bumawi sila sa fard salah pero dahil sa kanilang pabaya di na sila makakasalah ng Sunnah. Di na sila makakapag sunnah Salah sa Subuh, Zuhur, Asar, Magrib at Isha. Ito ay may dalang malaking biyaya.

Kaya dapat di natin maliitin ang Salah kahit ang Sunnah. Ang Fard ay maaring bawiin pero ang Sunnah ay hindi na. Mawawalan ka ng malaking biyaya. Maari kang magdasal dito o doon o hindi. Sinasabi natin ito para ikaw ay makakuha ng malaking biyaya sa Allah. Ito'y payo namin sa mga taong gustong pahalagahan ang kabilang buhay. Sa mga di nagsasalah dapat subukan nilang magdasal ng dalawang rakaat para sila ay masanay. In Sha Allah tutulungan sila ng Allah na tuparin ang 5 beses na Salah.

Ang pagdarasal ay Ibadah ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ito ay kanyang tinawag na ilaw ng kanyang mata. Ang gagawa nito ay magkakaroon ng biyaya sa mundo. Ang duwaa ng di nagsasalah ay di tinatanggap. Sabi ni Shaykh Mawlana(qs) kahit ang duwaa para sa mga taong di nagsasalah ay di tatanggapin.

Kahit ang isang kaibigan ng Allah ang magduwaa para sa isang di nagsasalah, ito ay di tatanggapin. Sabi ni Mawlana Shaykh Nazim(qs) ako ay gumagawa ng duwaa sayo, dapat magdasal ka ng kahit 2 rakaat man lang sa isang araw.

Gawing madali nawa ng Allah ang pagsamba sa kanya at ilayo tayo sa katamaman In Sha Allah.

Wa Minalllah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil

www.hakkani.org / www.hakkaniyayinevi.com



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

15 February 2016/6 Jumada al-Awwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Nimat 2. Jamaat 3. Azan 4. Tradition of the Prophet 5. Zikr after prayer 6. Obligatory 7. Fadila
8. Adab 9. Supererogatory 10. Confirmed 11. Unconfirmed 12. Supplication 13. Saint